



NEW MUSLIM
ACADEMY
PHILIPPINES

ANG KASAYSAYAN NI PROPETA HOB (AS)



/NewMuslimPH



/NewMuslimPH



/NewMuslimPH



Si Hob (sa wikang Arabe: Ayyub) ay isa mga Sugo ng Allah. Ang kanyang kasaysayan ay binanggit ng ilang beses sa Banal na Qur'an at pinuri siya ng Allah sa kanyang pagtitiis at pagsamba. Minsan siya ay tinawag na Hob ang Mapagtiis. Siya ay isang dakilang halimbawa at huwaran para sa mga nananampalataya, lalo na sa pagharap sa kahirapan at mga pagsubok sa buhay.

Ang Buhay ni Propeta Hob (AS)

Si Propeta Hob (AS) ay isang tao na biniyayaan ng Allah ng kayamanan at mga anak. Siya ay halos nagkaroon ng maginhawang pamumuhay. Sinubukan ng Allah ang Kanyang tapat na mga tagapaglingkod, at lalo na ang Kanyang mga Sugo. Ito ay upang ipakita sa atin na ang buhay na ito ay isang buhay na puno ng mga pagsubok at pagdurusa. Sinubukan ng Allah ang Kanyang mga Sugo, kaya ang iba sa atin ay dapat ding umasa na masusubukan. Ipinapakita ng mga pagsubok na ito sa isang nananampalataya ang sukatan ng katapatan at paniniwala sa Allah. Ito ang dahilan kung bakit ang mga pagsubok na ito ay nag-aalis o pinapawi ang mga kasalanan at nagdaragdag ng pagmamahal at habag ng Allah para sa nananampalataya.



Ang Karamdaman ni Propeta Hob (AS)

Sa kabanata 21 at 38 ay sinabi sa atin ng Allah na si Propeta Hob (AS) ay dinapuan ng sakit bilang pagsubok. Ang pagsubok na ito ay makakaapekto sa kanyang kalusugan, kayamanan at mga anak. Sinabi rito na si Propeta Hob (AS) ay dinapuan ng isang malubhang karamdaman na halos ang isang bahagi ng kanyang katawan ay hindi magalaw. Naging daan ito sa mga tao upang siya ay layuan at iwasan. Ang pagtatakwil na ito ng lipunan ay umabot sa sukdulan kaya kinailangan ni Propeta Hob (AS) na umalis sa kanyang bayan at mamuhay sa labas ng bayan, na mag-isa.

Madalang siyang bisitahin ng mga tao. Tanging ang kanyang maybahay ang bumisita sa kanya madalas para dalhan siya ng pagkain at siya ay alagaan. Hindi na niya matamasa ang magandang kalusugan, ang pamilya at ang mga anak o kayamanan. Ang karamdamang ito at kalagayan ay patuloy na nagpahirap kay Propeta Job (AS) sa loob ng labing-walong taon. Labing-walong taon ng pag-iisa at pagdurusa sa sakit at kahirapan.

Sinabi ng Allah, “Alalahanin si Hob (Ayyub), nang siya ay manawagan sa kanyang Nag-iisang Panginoon (dumaraing), ‘Katotohanan, ang karamdaman ay dumapo sa akin, at ikaw [O Allah] ang mahabagin sa lahat ng mahabagin.” [21:83]



Ang Dalawang Kaibigan ni Hob (AS)

Binanggit sa isang kwento na mayroon lamang dalawang malapit na mga kaibigan si Hob (AS) na patuloy na bumisita sa kanya sa panahon ng kanyang paghihirap. Labing-walong taon ang lumipas habang si Hob (AS) maysakit. Isang araw ay binisita siya ng kanyang dalawang kaibigan at ang isa ay nagpahayag sa isa, 'Marahil si Hob (AS) ay nakagawa ng malaking kasalanan.' Tinanong siya kung ano ang ibig sabihin nito. Ang lalaki ay tumugon, "Sa loob ng labing-walong na Hob (AS) na nasa ganitong sitwasyon, kaya maaaring ito ay isang parusa."

Ang pahayag na ito ay binanggit ng isa pang kaibigan kay Hob (AS). Sinabi ni Hob (AS), "Sa tingin ko ay hindi.

Sa halip, ay alam ng Allah na minsan ako ay napapadaan sa dalawang kalalakihan na nagtatalo, at sa kanilang pagtatalo sila ay humihiling sa ngalan ng Allah. Uuwi ako ng bahay at naglilinis ng kasalanan para sa kanila sa paggamit nila ng pangalan ng Allah sa walang kabuluhan.



Ang Lunas ni Hob (AS)

Ang maybahay ni Hob (AS) ay tinutulungan siya sa araw-araw sa tuwing nais niyang gumamit ng palikuran. Iwanan nila ang kanyang maliit na kubo at malalakad ng may kalayuan kung saan pagiginhawahin niya ang kanyang sarili. Isang araw, ang kanyang maybahay ay naunang maglakad sa kanya at nawala sa kanyang paningin. Pagkatapos ay inutusan ng Allah si Hob (AS) na hampasin ang lupa.

Bumulwak ang tubig, kung saan siya ay uminom at naligo. Sa ganitong paraan, pinagaling ng Allah si Hob (AS) sa kanyang karamdaman. Ang kanyang kalusugan at kagalingan ay ganap na naibalik.

Bumalik ang kanyang maybahay na hinahanap siya. Nakita siya ni Hob (AS) na naghahanap at kaya siya ay naglakad palapit dito. Nakita niya ang isang hindi kilalang lalaki at sinabi, “Makikiraan ako, nakita mo ba ang maysakit na Sugo ng Allah? Kamukha mo siya noong malusog pa siya.” Sumagot si Hob (AS) na siya iyon. Pinagaling ng Allah si Hob (AS) pagkatapos ng ilang taong pagsubok, habang siya ay nanatiling matiyaga at tapat sa kanyang Panginoon. Sinabi ng Allah, “Kaya siya ay Aming tinugon, at pinawi ang anumang karamdamang dumapo sa kanya at muli Naming ipinagkaloob sa kanya ang kanyang mag-anak (na nangawalay), at ang ibang nakakatulad nito bilang isang habag mula sa Amin at isang paalala para sa mga sumasamba [sa Allah].” [21:84]



Mga Pagpapala ng Allah

Hindi lamang pinagaling ng Allah si Hob (AS), siya rin ay biniyayaan ng dagdag na kayamanan at mga anak. Sinabi ng Allah, “At Aming iginawad para sa kanya ang kanyang mag-anak, kasama ng marami pang tulad nila; bilang habag mula sa Amin at isang paalaala para sa mga nakauunawa.” [38:43] Mula sa paraan kung saan tinulungan si Hob (AS) ng Allah ay sa isang sumpa na kanyang ginawa. Nagalit sa kanya ang kanyang maybahay sa isang pangyayari habang siya ay may malubhang sakit at maikli ang pasensya, kaya siya ay sumumpa na hahagupitin siya ng isang daang beses. Matapos siyang pagalingin, sinabi ng Allah kay Hob (AS) na sa halip ay kumuha ng isang daang tangkay ng tuyong damo at hagupitin siya ng isang beses.

Sa ganitong paraan, siya ay hindi masasaktan at tutuparin niya ang sumpa sa Allah. Pinuri ng Allah si Hob (AS) sa Banal na Qur’an para sa pagtitiis, debosyon at pagbabalik-loob. Inilarawan siya ng Allah bilang isa sa Kanyang pinaka pinagpala at mahusay na alipin.